**Para sa bakunang gawa ng AstraZeneca (Setyembre 2021)**

# Mga tagubilin para sa bakuna sa coronavirus

**(Para sa unang pagbabakuna (ika-1 at ika-2 pagbabakuna))**

◎ **Bilang pangkalahatang panuntunan, ang bakunang ito para lamang sa mga taong me edad 40 taong gulang at pataas maliban kung kinakailangan.**

◎ **Subalit kung hindi nabakunahan dulot ng maaaring maging epekto ng ibang COVID-19 vaccines, at nagnanais mabakunahan ng AstraZeneca , maaari pa rin mabakunahan kahit edad 40 taong gulang pababa, hangga't may edad 18 taong gulang pataas.**

◎ **Bagamat bihira, may mga kasong naiulat gaya ng mga sakit tulad ng thrombosis na may thrombocytopenia, capillary leak syndrome, Guillain-Barre syndrome at iba pang mga demyelinating disease sa ibang bansa., Mangyaring unawain muna at isaalang-alang ang kagalingan at peligro bago magdesisyon magpabakuna magpabakuna.**

**Tungkol sa bakuna sa coronavirus**

Ang bakunang ito ay bahagi ng programa sa pagbabakuna para sa coronavirus (SARS-CoV-2) ng pambansa at lokal na pamahalaan. Ang bakunang ito ay binili gamit ang pampublikong pondo at magagamit nang walang bayad ng mga nagnanais makatanggap nito.

**Mga epekto ng bakuna at paraan ng pagbibigay**

Ang bakunang ibibigay ngayon ay ginawa ng AstraZeneca. Pinipigilan nito ang paglabas ng mga sintomas ng COVID-19.

Napag-alaman na sa mga taong nakatanggap ng bakunang ito, mas kaunti ang mga taong naglabas ng mga sintomas ng COVID-19 kumpara sa mga taong hindi nakatanggap nito. (Nakumpirma sa pamamagitan ng mga klinikal na pagsusuri na ang pagiging epektibo nito sa pagpigil sa pagsisimula ng mga sintomas ay humigit-kumulang 70%).

| | |
|---|---|
| Pangalan ng produkto | VAXZEVRIA™ Intramuscular Injection |
| Bisa at epekto | Pagpigil sa nakakahawang sakit na sanhi ng SARS-CoV-2 |
| Dalas at agwat ng pagbabakuna | 2 beses (Karaniwang 4-12 linggo ang agwat) *Iniksyon sa kalamnan |
| Target ng pagbabakuna | Sa pangkalahata, edad 40 taong gulang pataas bilang pangkalahatang panuntunan |
| Dami ng pagbabakuna | 0.5 mL kada dosis, 2 dosis sa kabuuan |

- Ayon sa regulatory approval, ibibigay ang pangalawang pagbabakuna na may agwat na 4-12 linggo pagkatapos ng unang pagbabakuna. Gayunpaman, upang makuha ang pinakamalaking epekto, mas magandang magkaroon ng 8 linggo o higit pang agwat sa pagitan ng pagbabakuna. Bukod dito, kung lumampas sa 12 linggo mula nang nabakunahan ng unang dosis, mangyaring magpabakuna ng pangalawang dosis sa lalong madaling panahon.
- Tungkol sa target na edad ng bakuna, bagama't nakumpirma ang pagiging epektibo at ligtas nito sa mga 18 taong gulang pataas batay sa regulatory approval, sa kasalukuyan ay mga 40 taong gulang pataas ang target nito bilang pangkalahatang panuntunan, ayon sa rekomendasyon ng paggamit nito sa ibang bansa at mga ulat atbp. ukol sa risk at benefit sa bawat grupo ng edad.
- Kung ikaw ay nabakunahan nito sa ika-1 pagbabakuna, bilang prinsipyo, mangyaring tumanggap ng bakunang ito sa ika-2.
- Sa mga klinikal na pagsusuri, ang sapat na immunity sa sakit ay nakumpirma pagkalipas ng 15 araw matapos matanggap ang ikalawang beses ng pagbabakuna. Gayunpaman, hindi ibig sabihin na lubos na mapipigil nito ang impeksyon. Kinakailangang gumawa ng mga naaangkop na mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon kahit na nakatanggap ka man o hindi ng bakuna.

**Sino ang hindi dapat tumanggap ng bakuna**

Ang bakunang ito ay hindi maaaring ibigay sa mga taong nalalapat ang mga sumusunod. Tiyaking sabihin sa doktor sa panahon ng konsultasyon sa pagbabakuna kung sa palagay mo ay mailalapat sa iyo ang alinman sa ibaba.

- Mga taong kinakitaan lagnat (*1)
- Mga taong may malubha at matinding karamdaman
- Mga taong nakaranas ng matinding hypersensitivity (*2) sa alinmang sangkap ng bakunang ito
- Mga taong nagkaroon na ng venous o arterial thrombosis na may thrombocytopenia matapos matanggap ang bakuna para sa SARS-CoV-2
- Mga taong nakaranas ng capillary leak syndrome.
- Mga taong maliban sa mga inilarawan sa itaas ay may mga kundisyon kung bakit hindi angkop sa kanila ang makatanggap ng bakuna

(*1) Ang halatang lagnat ay karaniwang tinutukoy bilang 37.5℃ o higit pa. Gayunpaman, maaaring hindi ito nalalapat sa mga kaso kung saan ito tinutukoy bilang lagnat batay sa normal na temperatura ng katawan, kahit na ang temperatura ay mababa sa 37.5 degrees Celsius.

(*2) Anaphylaxis at maraming sintomas na nagpapahiwating ng anaphylaxis, kabilang ang pangkalahatang sintomas ng balat at mucous membrane, pangangapos ng hininga, dyspnea, tachycardia, at hypotension.

**Sino ang dapat mag-ingat sa pagkuha ng bakuna**

Ang mga mayroon ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon ay dapat maging maingat sa pagtanggap ng bakunang ito. Kung sa palagay mo ay nalalapat ito sa iyo, tiyaking sabihin sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

- Mga taong sumasailalim ng anticoagulant therapy, mga taong may thrombositopenia o coagulation disorders
- Mga taong dating na-diagnose na may immunodeficiency, o mga taong may malapit na kamag-anak na may congenital immunodeficiency
- Mga taong may kronikong kundisyong medikal tulad ng sakit sa puso, bato, atay, blood disorder, o developmental disorder
- Mga taong nakatanggap ng bakuna dati at nakaranas ng mga sintomas na nagmumungkahi ng isang allergy tulad ng lagnat o pangkalahatang pantal sa loob ng 2 araw pagkatapos ng pagbabakuna
- Mga taong dating nagkaroon ng kombulsyon
- Mga taong maaaring may allergy sa mga sangkap ng bakunang ito.

**(Magpatuloy sa likod na bahagi)**

Kung ikaw ay buntis o posibleng buntis, o nagpapasuso, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

Ang produktong ito ay naglalaman ng additive na hindi pa nagamit sa bakuna dati. Kung ikaw ay mayroong hypersensitivity o reaksyon ng allergy dati, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa panahon ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

**Ano ang gagawin pagkatapos makatanggap ng bakuna**

- Pagkatapos makatanggap ng bakunang ito, maghintay ng hindi bababa sa 15 minuto (hindi bababa sa 30 minuto para sa mga dating nakaranas ng matinding sintomas ng allergy kabilang ang anaphylaxis, o sa mga sumama ang pakiramdam o nahimatay, atbp.) sa pasilidad kung saan mo natanggap ang bakuna, at kapag masama ang iyong pakiramdam, mangyaring kontakin kaagad ang iyong doktor. (Dahil dito, posiblengtumugon sa mga biglaang masamang epekto.)
- Ang tinurukang bahagi ay dapat panatilihing malinis. Bagama't walang problema ang pagligo sa araw ng pagbabakuna, mangyaring huwag kuskusin ang nasabing bahagi .
- Maaaring bumalik sa pang-araw-araw na pamumuhay, subalit dapat ay iwasan ang mapuwersang pag-eehersisyo, ang labis na pag-inom ng alak, atbp. sa araw na isasagawa ito.

**Tungkol sa mga masasamang epekto**

- Kasama sa mga pangunahing masamang epekto ay ang pagsakit ng tinurukang bahagi, sakit ng ulo, sakit ng kasu-kasuan at kalamnan, pagkapagod, panginginig, at lagnat. Bukod dito, nakita sa mga klinikal na pagsusuri na mas madalas lumabas ang mga sintomas na ito sa unang beses ng pagbabakuna kaysa sa pangalawang beses. Kasama sa mga bihira at malubhang masamang epekto ang shock o anaphylaxis. Dahil ito ay bagong uri ng bakuna, mayroong posibilidad na magdulot ito ng mga sintomas na hindi pa nalilinaw sa ngayon. Kung may napansin kang anumang nakababahalang sintomas pagkatapos ng pagbabakuna, kumonsulta agad sa doktor na nagbakuna o sa doktor ng pamilya.
- Sa ibang bansa, bagamat bihira, naiulat ang pagsisimula ng mga sakit tulad ng thrombosis na may thrombocytopenia (*1), capillary leak syndrome (*2), Guillain-Barre syndrome at iba pang mga demyelinating disease (*3). Kung may napansin kang sintomas tulad ng mga sumusunod pagkatapos mabakunahan, kumonsulta agad sa institusyong medikal.
  - (*1) Mga sintomas tulad ng tuloy-tuloy na matinding pananakit ng ulo, panlalabo ng paningin, paghingal, pagkalito, kombulsyon, pananakit ng dibdib, pagmamanas o pananakit ng paa, tuloy-tuloy na pananakit ng tiyan, internal bleeding (pasa) maliban sa bahagi kung saan nabakunahan. Gayunpaman, ang karamihan sa mga sintomas na ito ay lumalabas sa loob ng 28 araw pagkatapos mabakunahan, at mas madalas mangyari ang mga ito pagkatapos ng unang beses ng pagbabakuna kaysa sa pangalawa.
  - (*2) Mga sintomas tulad ng pagmamanas ng kamay at paa, mababang presyon ng dugo, atbp.
  - (*3) Kapansanan sa paggalaw tulad ng hirap sa pagpapagalaw ng mga kamay at paa, kapansanan sa sensasyon tulad ng pamamanhid, kapansanan sa pag-ihi at pagdumi, kapansanan sa paningin tulad ng panlalabo ng mata.

**Tungkol sa Relief System for Injury to Health with Vaccination**

Ang pagbabakuna ay maaaring maging sanhi ng problema (karamdaman o kapansanan). Bagama't ito ay napakabihira, hindi maaalis ang panganib, kung kaya’t itinatag ang relief system.

Sa kaso ng pinsala sa kalusugan bilang resulta ng bakuna sa coronavirus, mayroong tulong (medikal na gastos, benepisyo ng pensiyon para sa kapansanan, atbp.) sa ilalim ng Immunization Act. Mangyaring kumonsulta sa munisipalidad kung saan matatagpuan ang iyong tirahan tungkol sa pamamaraan na kinakailangan para sa aplikasyon.

---

**Tungkol sa impeksyon ng coronavirus**

Kapag nagkaroon ng impeksyon sanhi ng SARS-CoV-2, makikita ang mga sintomas na katulad ng karaniwang sipon, tulad ng lagnat at ubo. Bagama't maraming tao ang gumagaling mula sa sakit na may banayad na sintomas, sa mga malubhang kaso, ang mga sintomas ng pulmonya tulad ng hirap sa paghinga ay lumalala at maaaring humantong sa kamatayan.

**Mga katangian ng bakuna sa coronavirus (Bakuna na ginawa ng AstraZeneca) na ibibigay sa pagkakataong ito**

Ang gamot na ito ay isang virus vector vaccine kung saan ang gene na may naka-encode na amino acid sequence ng spike protein ng SARS-CoV-2 (protina na kinakailangan para makapasok ang virus sa human cell) ay nakapaloob sa monkey adenovirus (pinroseso ang adenovirus, ang virus ng pangkaraniwang sipon, upang hindi ito dumami). Kapag inilagay ang gene sa human cell sa pamamagitan ng pagbabakuna ng pormulasyon na ito, magpo-produce ito ng viral spike proteins sa cell batay sa gene na ito, at inuudyok nito ang paggawa ng mga neutralizing antibodies laban sa spike proteins, at pati na rin ng cellular immune responses, na ipinalalagay na makakapigil ng impeksyon na sanhi ng SARS-CoV-2.

| | | |
|---|---|---|
| Aktibong sangkap | ✧ Bakuna laban sa coronavirus (SARS-CoV-2) (recombinant monkey adenovirus vector)<br>(Paalala: ito ay monkey adenovirus na kung saan nakapaloob ang gene na may naka-encode na amino acid sequence ng spike protein ng SARS-CoV-2) | |
| Additives | ✧ L-Histidine<br>✧ Sodium chloride<br>✧ Disodium edetate dihydrate<br>✧ Dehydrated ethanol | ✧ L-Histidine hydrochloride monohydrate<br>✧ Magnesium chloride<br>✧ Purified sucrose<br>✧ Polysorbate 80 |

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa bakuna sa novel coronavirus, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare

Ministry of health, labour and welfare corona bakuna **Hanapin**

Kung hindi mo mahanap ang website na ito, mangyaring kumonsulta sa iyong local na munisipalidad.